

Pagsusuri sa mga Balyung Nakapaloob sa mga Salawikain ng mga Tiruray Sa South Upi, Maguindanao, Philippines

Maria Luz D. Calibayan (Ed.D)

University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato, Philippines
luzcalibayan29@gmail.com

**Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research**

Vol. 3 No.5,50-57
December 2015 Part I
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com

Date Received: October 17, 2015; Date Revised: December 2, 2015

Abstract- *This study sought to collect, record, translate, and analyze the Tiruray proverbs. Specifically the study aimed to find out the following: (1) What are the existing proverbs of Tiruray in South Upi, Maguindanao? (2) What are the values found as expressed in the proverbs of Tiruray that have been successfully preserved from their ancestors? The scope of this study was confined to the collected proverbs of Tiruray in South Upi, Maguindanao. The gathered proverbs were transcribed from Tiruray to Filipino language and the analysis of values from the translated proverbs was in accordance with the ideas of Andres (1985) and Timbreza (2003). The research design adopted in the study is descriptive content analysis because the main objective of the study was to analyse the values found in Tiruray proverbs. Findings revealed that the Tiruray have rich in oral literary pieces such as proverbs which are transmitted by word of mouth from generation to generation. The Tiruray proverbs contain different human values that teach or remind people how to live godly lives. Further, Tiruray proverbs conveyed message on how they value peace and harmony in the community for they are peace-loving people. The study of Tiruray proverbs could increase the body of knowledge about the cultural traits of Tiruray who are unique people and have rich cultural heritage.*

Keywords: *Tiruray , Proverbs, Values*

Abstrak- *Nilayon ng pag-aaral na lumikom ng mga salawikain ng mga Tiruray sa South Upi, Maguindanao at suriin ang mga balyung masasalamain dito. Sa pagbibigay katuparan sa layunin, nasagot ang mga sumusunod na katanungan: (1) Ano ang mga salawikain ng mga Tiruray na nakatira sa South Upi, Maguindanao, Philippines? (2) Anong mga balyu ang nakapaloob sa mga salawikain ng mga Tiruray na nagtataglay ng kahulugan o mensahe tungkol sa kanilang kultura bilang isang pangkat-etniko? Saklaw ng pag-aaral ang mga nilikom na mga salawikain ng mga Tiruray sa South Upi, Maguindanao, Philippines pagkatapos isinalin sa wikang Filipino at sinuri batay sa iba't ibang balyung nakapaloob dito. Kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral at sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng deskriptibong pamaraan partikular ang kontent analisis. Natuklasan na (1) Mayaman sa mga salawikain ang mga Tiruray. (2) Iba't ibang balyu ang napapaloob sa mga salawikaing Tiruray na nagsisilbing gabay nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Nabuong konklusyon: (1) Ang mga salawikain ng mga Tiruray ay kakikitaan ng mga balyu batay sa kanilang kultura na naging identidad nila bilang isang tribu.*

Mga Susing Salita: *Tiruray, Salawikain, Balyu*

INTRODUKSYON

Ang panitikan ay salamin ng buhay at kultura ng isang lipi. Napakainam gunitain ang mga mabubuti at mayayamang kaugalian at tradisyong itinuturing na mga ginintuang alaala na mula pa sa ating mga ninuno. Dapat panatilihin buhay sa ating puso't

isipan ang mga alaalaang ito sapagkat nagsisilbi itong tagapagmansag ng tunay na kaugaliang Pilipino.

Idinagdag pa ni Jocano [1] na isa rin itong tulay tungo sa mabuting pagkakapatiran ng mga tao anuman ang kanilang tribu at kultura. Masasabi ring matatag na tagapag-ugnay na sosyal ang panitikan dahil sa nagtataglay ito ng kaisipan, damdamin at

kaugaliang karaniwan na sa iba't ibang kasapi ng anumang pangkat ng tao.

Kasaysayan ang nagsabi sa atin na bago pa man dumating sa Pilipinas ang mga Kastila, mayroon na tayong sariling kultura na nakita sa paraan ng pamumuhay ngating mga ninuno. Bukod sa kultura'y mayroon na tayong panitikang umiiral, binibigkas at isinusulat. Samakatuwid, ang katutubong panitikan natin ay natagpuan na sa dalawang kalagayan noon pa man –pasulat at pasalita [2].

Ayon kay Arrogante, et al. [3], bawat bansa ay may sari-sariling kultura at may sari-sariling pambansang identidad na madaling pagkakakilanlan ng bawat isa. Kung natural lamang sa bawat isa ang magkaroon ng sariling wika, natural ding magkaroon ng sariling panitikang magsasalamin sa tangi at tunay na pagkatao at pagkabansa nito.

Malaki ang nagiging bahagi ng mga salawikain sa buhay ng ating mga ninuno. Ito ang kanilang patnubay sa pamumuhay sa iba't ibang pagkakataon. Nakaugalian na itong sabihin at nagsisilbing batas at tuntunin ng kagandahang asal ngating mga ninuno. Nasa anyong parang parabulang patalinghaga at nagbibigay ng aral, lalo na sa mga kabataan [4].

Naniniwala naman si Javier [5] na ang mga salawikain ay nagsisilbing gabay sa mga lumilihis ng paniniwala. Idinagdag pa niya, na may kasabihan tayong ang “pagpapaalaala’y gamot lamang sa nakakalimot.”

Ang pagpapayaman at pagpapanatili ng mga katutubong panitikan ay maituturing na kabang yaman ng bansa. Tinatawag itong pamanang kultural na nagiging bahagi na ng ating kasaysayan. Kailangan itong linangin ng bawat tao tungo sa isang maganda, maayos at mapayapang pamumuhay. Makakamit lamang ito kung ang mga tao ay may kaalaman sa kultura, kaugalian at katutubong panitikan ng mga pangkat-etniko.

Kaya't nararapat lamang na pag-aralan at pahalagahan ang oral na panitikan ng mga pangkat-etniko sa bansa para magkaroon tayo ng kaalaman at kamalayan sa kaligiran ng kanilang kultura.

Isa sa mga pangkat-etnikong napili ng mananaliksik na pag-aaralan ay ang mga Tiruray na nakatira sa South Upi, Maguindanao, Philippines sa kanilang mga salawikain na nagpapakilala ng kanilang sariling pagkakakilanlan.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga balyung nasasalamin sa mga

salawikain ng mga Tiruray sa South Upi, Maguindanao Philippines. Sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga salawikain ng mga Tiruray sa South Upi, Maguindanao Philippines?
2. Anong mga balyu ang nakapaloob sa mga salawikain ng mga Tiruray na nagtataglay ng kahulugan o mensahe tungkol sa kanilang kultura bilang isang pangkat-etniko?

Ang mga Tiruray

Ang mga Tiruray ay isang pangkat-etniko sa Pilipinas na mayroong kaparehong ninuno sa Maguindanao at may kaugnayan sa mga Muslim ng Maguindanao ay nakatira sa Maguindanao, Sultan Kudarat at Cotabato. Sila'y mga kayumanggi, katamtaman ang pangangatawan at itim ang buhok. May pagkakahawig sila sa mga Malay sa pisikal na kaanyuan. Ang kanilang wika ay napabilang sa pamilyang malayo – polynesio subalit pag sinasalita ay hindi sila naiintindihan ng kanilang mga kalapit lugar.

Nagmula sa salitang Tiru (lugar ng kapanganakan o pinagmulan) at Ray (mula sa daya-dakong hulo ng sapa o ilog) ang salitang Tiruray. Nahahati sila sa grupong nagbago ng tradisyon at grupong tradisyunal. Ang mga Tiruray na nagbago ng tradisyon ay ang mga nagkaroon ng malapit na ugnayan sa mga grupong Kristiyano at Muslim. Ang mga Tiruray na tradisyunal ay ang mga nagpanatili ng kanilang lumang kaugalian at paniniwala. Tinatawag din ng mga Tiruray ang kanilang mga sarili na etew teduray na napapangkat ayon sa kanilang lokasyon. Etew rotor, ang mga naninirahan sa kabundukan; etew dogot, mga naninirahan sa dalampasigan; etew teran, mga naninirahan sa ilog (Tran Grande River); etew awang, mga naninirahan sa Awang at etew ufi, mga naninirahan sa lambak ng Upi [6].

Ang buong bulubunduking kahabaan na bahagi patungo sa dagat ng hilagang Maguindanao ay pinaninirahan ng mga Cotabato Manobo at T'boli na may naiibang wika at kultura sa mga Tiruray.

Namumuhay ang mga Tiruray sa pamamagitan ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at pangangalap ng mga produkto ng gubat. Inged ang tawag sa komunidad ng mga Tiruray. Sa Inged, may isang lider na tumitiyak sa paghahawan ng bukid, pagtanim at pag-ani ng mga pananim at pantay-pantay na pamamahagi ng pagkain.

Ang mga Tiruray ay naniniwala sa mga ispiritu na kanilang diyos subalit naniniwala rin sila na may isang Diyos na may gawa ng lahat, pati ng tao. Mayroon silang paniniwala na bago gumawa ng isang bagay, tulad ng pagputol ng mga puno ay dapat mag-alay ng mga sakripisyo nang sa gayon ang mga ispiritu ay hindi magalit sa kanila at sila'y magkasakit. Mayroon din silang mga pamamaraan o mga bagay-bagay na dapat sundin bago magpakasal.

Batayang Teoritikal

Nakasalig ang pag-aaral na ito sa dulog na moralistiko, ipinalalagay na may kapangyarihang maglahad o magpahayag ang akda, di lamang ng mga literal na katotohanan kundi ng mga di mapapawing pagpapahalaga o balyu. Tinitingnan ang akda bilang lunsaran ng mga balyung nagtuturo o umaakay sa mambabasa sa tamang landas ng buhay. Maraming nakukuha mula sa panitikan –kaalaman tungkol sa moralidad, kabatiran tungkol sa pang-araw-araw na buhay, pang-unawa hinggil sa puso at damdamin ng tao, mga batas at alituntunin ng wastong kilos at gawi sa konteksto ng isang komunidad [7].

Isa pang pinananaligang dulog ng pag-aaral na ito ay ang dulog sosyolohikal na nagbibigay diin sa interaksyon ng mga tao sa kapwa tao at sa lipunan, ang sanhi ng pagkakaroon ng mga ganoong pangyayari sa buhay, ang kanilang pakikibaka sa buhay, maging sa kanilang kabiguan o tagumpay [8].


Naniniwala si Badayos [9] na mainam gamitin ang dulog sosyolohikal sa pag-aaral at pagsusuri ng akdang pampanitikan na pumapaksa sa mga karanasan ng tao sa iba't ibang kalagayang panlipunan, pampolitika, pangkultura at pangkabuhayan. Hindi lamang ang mga element ng akda ang pinagtutuunan ng pansin sa pagsusuri, manapa'y higit na pinagtutuunan ng pansin ang nauukol sa mga ugnayang sosyo-kultural, pulitikal at ekonomikal at ang reaksyon dito ng tao. Tinatalakay rito ang mga kalagayang sosyal at pulitikal, ang kapamuhayan, ang mga sitwasyong nag-udyok ng karahasan, kadakilaan, kagitingan at kabayanihan ng isang tao o pangkat ng tao.

Ayon kay Andres [10] ang balyu o pagpapahalaga ay isang panuntunang pinili ng tao na kapag isinagawa ay makapagdudulot ng malikhaing integrasyon at maunlad na personalidad. Karaniwan itong nagustuhan, pinahahalagahan, ninanais, ipinatutupad at tinatamasa ninuman. Kabilang sa mga balyung ito ang (1) ispiritwal na may kaugnayan sa paniniwala sa diwata, bathala o Maykapal; (2) kultural na tumutukoy sa pagpapahalaga sa musika, pinta, arkitektura, kagandahan at iba pang mga likha na may kaugnayan sa sining; (3) sosyal kaugnay ito sa mga gawaing nakatutulong sa kabutihan ng pamayanan na ipinapakita sa pamamagitan ng mga selebrasyon o pagdiriwang, pista at iba pang mga ritwal; (4) pulitikal na nauugnay naman sa paggalang o pagsunod sa mga batas o alituntunin na ipinatutupad ng namamahala sa pamayanan o lipunan; (5) ekonomiko na nakatuon sa pagbibigay kahalagahan sa mga bagay na kinakailangan para sa pamumuhay ng mga tao at ang panghuli ay (6) pantao na nagpapahalaga sa pagmamahal, kalayaan, pagkakaibigan, pagtutulungan, pagkakaisa, pakikiramay, pagbibigay at iba pang katulad na pag-uugaling nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa.


Tinalakay naman ni Timbreza [11] sa kanyang aklat na Filipino Values Today ang mga set ng mga balyu na nagiging bahagi ng pagkatao ng sangkatauhan. Sa set A, binubuo ito ng balyung apetitib, sekswal, estetiko, intelektwal, moral at ispiritwal.

Para naman sa set B ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: balyung personal, sikolohikal, sosyolohikal, historikal, pulitikal, sensasyunal at sentimental.

Ang mga nabanggit na teorya, dulog, konsepto o pananaw ang naging sandigan ng mananaliksik sa isinagawang pagsusuri sa mga salawikain ng mga Tiruray upang matukoy ang mga balyung nakapaloob sa kanilang pasalitang panitikan na sumasalamin sa kanilang pagkatao bilang isang pangkat-etnikong may natatanging kultura, tradisyon, paniniwala at kasaysayan.



Figur 1. Konsepto ng Pagsusuri



Figur 2. Mapa ng South Upi, Maguindano, Philippines (Pinagkunan: Munisipyo ng South Upi)

METODOLOHIYA

Sa isinagawang pag-aaral , ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Sinuri ang mga nakalap na salawikain sa pamamagitan ng deskriptibong pamaraan partiular ang kontent analisis

Sa paglikom ng mga datos ang mananaliksik ay nagsagawa ng personal na interbyu sa mga impormante. Ginamit din ang “tape recorder” para sa

ginawang pagrekord ng mga salawikain habang isinalaysay ng mga impormante.

Ang mga sumusunod ang ginamit na batayan sa pagpili ng mga impormante: (1) katutubong Tiruray ng South Upi, Maguindanao Philippines; (2) may edad (40) pataas; (3) malawak ang kaalaman tungkol sa kulturang Tiruray. Limang impormante ang pinagkunan ng mga salawikain sa pamamagitan ng snow ball sampling. Tiniyak ng mananaliksik na ang mga impormante ay talagang maalam sa kanilang oral na panitikan. Ang mga impormanteng Tiruray ay nakatira sa South Upi, Maguindanao, Philippines. Ang nasabing bayan ay isa sa mga munisipalidad na sakop ng lalawigan ng Maguindanao sa ARMM (Autonomous Region in Muslim Mindanao) na ang kabisera ng lalawigan ay Shariff Aguak (Maganoy). Binubuo ng labing –isang barangay ang South Upi. Ang mga barangay na ito ay Biarong,Itao, Lamud, San Jose, Kigan, Bongo, Pandan, Looy, Pilar, Kuya at Romangaob (Pob). Batay sa pananaliksik ang salitang Maguindanao ay nangangahulugang “ kindred settled in the country about the lake”. Ito raw ay galing sa Mag (akin ito), Ingud (bansa) at Danao (lawa). Pinaniniwalaan na ang Upi ay nagmula sa salitang “ ufi” isang katawagang Tiruray sa isang partikular na kahoy na karaniwang tumubo sa lugar noong unang panahon. Ang balat ng nasabing kahoy ay ginagamit kasama ang “ betel nuts “ for chewing o ang tinatawag na “mama” ng mga Tiruray.

SALAWIKAIN SA WIKANG TIRURAY SALIN SA WIKANG FILIPINO

WIKANG TIRURAY

1. Uwak-uwak sa ke lee gido ke
Basa tensulon enda i gito go uwak
2. Amuk m’uyot go de ke fegadatan
Go fegadata moy lowoh me
3. Ati atag I ungame muwe ke enda
I dumo mo seloyok
4. Getembunon I toowe dumon
Dob gaiwe merasay
5. Sebaw wem I afeye taman
Lemgumot sena

WIKANG FILIPINO

- Napakaraming uwak sa ngayon
Ngunit nang panahon na
Ang kaingin ay bago pa lamang nasunog
Wala akong makita ni isa mang uwak
- Igalang mo muna ang sarili mo
Kung gusto mong igalang ka ng iba
- Anong kabutihan ang maidudulot
Ng iyong kayamanan
Kung wala kang kaibigan
- Ang tunay na kaibigan
Nasusukat sa panahon ng kagipitan
- Patayin mo ang masamang usapin
Habang maaga o maliit pa

WIKANG TIRURAY

6. Morow ko ubal diyo
Lantegen no kuwaen
Segembungan biyowo
Semelegseg nay talon
7. Amuk seloyuk go
Kago entengen i kurtae
8. Ingat gom fokoluwan
Walew sen klungonon
Telaay mengiyamfu
Angey no engkogen
Bala i fongo muwan
Ungaya ende ke rangusan
Inok waley go tengo
9. I magite dob beeme magit
So dob dumu muwe
10. Ati ula muwe na be keroone
Ke menlehuen i kudae
11. Feentangem fongowe taman
Mebeluk sena
12. Furay-furay i silae ke
Temenibusen i monoe
13. Kago regonen dob dumo muwey
Keikaa muwe rigoney dumo
Muewe dob beeme
14. Enda segilew i ketaya muwe be
Ketayay de meley dob beeme
Endob taman enda irayem
Beroy karowe ketayan enda
Gedote moy kaame ketayan
15. Amuk meuyot go de ke waley fiyoy
Duniyae fefiyo moy adat me
16. Amuk mentundug i sunge
Magad i kefegaune

WIKANG FILIPINO

- Isang taong may binabalak sa kapwa
Ngunit hindi maisakatuparan ito
- Kung makipagkaibigan
Huwag salapi ang titingnan
- Mag-ingat sapagkat may
darating at kukuha
ng lahat ng ari-arian mo upang
ikaw ay maging maralita
- Ang masakit sa iyo
Masakit din sa kapwa mo
- Aanhin pa ang damo
Kung patay na ang kabayo
- Ituwid ang sanga
Habang bata at malambot pa
- Ang liwanag ay dumating
Nang ang mga magnanakaw
ay nakaalis na
- Huwag mong gawin sa iba
Ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo
- Maaaring di magkatulad ang
gusto mo at ang gusto ng
mamimili subalit hanggat
hindi mo ibinibigay ang
kanilang gusto hindi mo
makukuha ang nais mo
- Kung gusto mo ang
mundo'y maging mabuti
Pagbutihin mo ang ugali mo
- Pag maaga ang lusong
Maaga rin ang ahon

WIKANG TIRURAY

17. Fedayday go agew inok magad go
Geguma dob ayo muwe
18. Amuke wen in benitin
Wen i lengagen
19. Lebengem i kemer me taman
Dob sigew me inok enda melayaf go
20. Furaney segetewey
Kaane awing
21. Eteyem i keuyaga muwe
Fetingkel go na rekitur
22. Kago furaya fedew i
Dumo muwe
23. Buluk wen i gegumah do
Kefiyonon dob beeme
Itong gede kay demoe
24. Temenibusen i natemegenon lifotem
I demoe enda sena gegumahan
Ay niy beleewe usarem
Ang ngayon ay naririto
Samantalahin ito
25. Amuk wen i senihi
Wen i soen
26. Dob keunure dob de lukes
I fegelolonone be ngae
Fiyoy adat ne
27. Taman foko senay mute
Fetingkel go na rekitur
28. Ino na ko temitay
Botong fenfuwog-kuwog
Makuk linoyun loyus
Kisay do senre ela
29. Uwak, uwak sak lee
Gidok basa tensulon
Endai gito mo uwak
30. Stogo-o kobong
Lagi ng kagutuman

WIKANG FILIPINO

- Magpatuloy sa inyong paglalakad
Makararating ka rin sa wakas
- Kung may ibinitin
May titingalain
- Ibaon ang iyong mga kamay
Hanggang siko
Nang di mo maranasan ang gutom
- Bawat isa'y dapat sumagwan
Sa sariling bangka
- Ubos- ubos biyaya
Bukas nakatunganga
- Hindi dapat maging sunud-sunuran
Sa kapasyahan ng iyong kasama
- Kapag biyaya'y dumating
Sa iyong landas
Magtabi para bukas
- Ang kahapon ay nalibing na
Kalimutan na ito
Ang bukas ay darating pa
- Kung may isinuksok
May madudukot
- Ang pagsunod sa magulang
Tanda ng anak na magalang
- Habang maiksi ang kumot
Magtiis munang mamaluktot
- Iwasang makipagkaibigan
Sa masamang barkada
- Taong laging nanghihingi
Nagpapalimos sa kapwa
- Ang katamaran ay kakambal

PAGSUSURI NG MGA SALAWIKAING TIRURAY

Sa mga salawikaing “Kapag biyaya’y dumating sa iyong landas, Magtabi para bukas” at “Ubos-ubos biyaya, Bukas nakatunganga” ay nagbibigay payo na ang pagtanda ay dapat paglalaanan samantalang “Habang maiksi ang kumot, Magtiis munang mamaluktot”, “Kung may isinuksok, May madudukot” at “Kung may ibinitin, May titinalain” ay nagpapahayag na mahalaga ang pag-iipon at mamuhay sa abot lamang ng makakaya.

Binibigyang halaga ng mga Tiruray ang pagtitipid kung kaya sila ay mapamaraan sa paghahanap ng mapagkakitaan. Sinang-ayunan ng mga impormante ang pahayag ni Eugenio [12] na kailangan din nila ang seguridad sa buhay. Naging ugali na ng mga taong nakatira sa nayon na mag imbak ng palay kapag panahon ng anihan o kahit anong mga bagay na kailangan nila sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang pagmamalasakit at pagtulong sa kapwa ay nagagantimpalaanayon sa pananaw ng mga Tiruray na nakapanayam ng mananaliksik. Ang balyung ito ay litaw sa mga salawikaing “Isang taong may binabalak sa kanyang kapwa, Ngunit hindi maisakatuparan ito” at “Mag-ingat sapagkat may darating at kukuha ng lahat ng ari-arian mo upang ikaw ay maging maralita”. Sa kultura ng mga Tiruray ang mga salawikaing ito ay nagbibigay paalaala na kailangan ang ibayong pag-iingat.

Sa pagtulong naman sa kapwa may mga salawikain din na nagpapaalaala sa tribu na kapag tumulong dapat bukal sa kalooban tulad ng “Ang liwanag ay dumating, Nang ang mga magnanakaw ay nakaalis na”, at “Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo”. Para sa mga Tiruray ang pagtulong ay walang kondisyong maaaring makahadlang sa layuning makatulong sa kapwa.

Ang pag-iwas sa gulo ay naipahahayag din sa mga salawikaing “Patayin mo ang masamang usapin, Habang maaga o maliit pa”. Ang mga Tiruray ay “peace loving people”, ayaw nila ng gulo. Hanggat maaari umiiwas sila sa anumang kaguluhan. Naniniwala ang mga Tiruray na “Ang masakit sa iyo, Masakit din sa kapwa mo” gayundinang “Huwag mong gawin sa iba, Ang ayaw mong gawin ng iba sa iyo”. Kanila pa ring ipinahayag na walang magandang maibubunga ang kaguluhan. Kapag may problema idinudulog nila ito sa kanilang “Kefeduwang” isang pinuno na may alam sa mga batas o pamantayan ng kanilang pangkat sa isang partikular na pamayanan.

May mga salawikain din patungkol sa kasipagan at pagtitiyaga ang mga Tiruray tulad ng “Pag maaga ang lusong, Maaga rin ang ahon” at “Ibaon ang iyong mga kamay hanggang siko, Nang di mo maranasan ang gutom”. Bawat miyembro ng tribu ay may kanyang papel na ginagampanan para mapadali ang anumang gawain kung baga “Bawat isa ay dapat sumagwan sa sariling bangka”.

Ang pagiging masigasig sa anumang gawain ay nakasaad din sa salawikaing Tiruray na “Magpatuloy sa iyong paglalakad, Makararating ka rin sa wakas” ay nagpapahayag ng pagiging matiyaga at pagkakaroon ng mahabang pasensiya ng mga Tiruray sa kanilang mga ginagawa.

Sa salawikaing “Ang katamaran ay kakambal, Lagi ng kagutuman” ay nagpapaalaala na ang taong tamad ay malapit sa gutom. Kailangang magbanat ng buto, ito ang binigyang- diin ng salawikaing “Ibaon ang iyong mga kamay hanggang siko, Nang di mo maranasan ang gutom” dahil ang “Taong laging nanghihingi, Nagpapalimos sa kapwa” ay tanda ng katamaran.

May mga salawikain din ang mga Tiruray na nagpapahayag na ang pagkatakot ay dapat paglabanan gaya ng “Ang kahapon ay nalibing na, Kalimutan na ito, Ang bukas ay darating pa, Ang ngayon ay naririto, Samantalahin ito” sapagkat ang pagkalimot sa nakaraan at pagharap sa kasalukuyan ay tanda ng katapangan. Sinasabi na ang taong may paninindigan ay hindi natatakot gumawa ng sariling desisyon. Sa salawikaing “Hindi dapat maging sunud-sunuran sa kapasyahan ng iyong kasama” ipinapakita ng mga Tiruray ang kahalagahan ng sariling pagpapasya.

Ang paggalang sa kapwa at pagmamalasakit sa bawat miyembro ng pamilya ay nakapaloob din sa ilang salawikaing Tiruray. Naging gabay nila ito sa pagbibigay pangaral lalo na sa mga bata kaya sa salawikaing “Ituwid ang sanga, Habang bata at malambot pa” ay nagpapaalaala na ang mga bata habang bata pa’y turuan na ng magandang asal dahil “Ang pagsunod sa magulang, Tanda ng anak na magalang”. Naniniwala din sila na ang paggalang sa kapwa ay nag-uugat mismo sa sarili. Sa mga salawikaing “Kung gusto mo ang mundo’y maging mabuti, Pagbutihin mo ang ugali mo” katulad din ng “Igalang mo muna ang sarili mo, Kung gusto mong igalang ka ng iba”. Paggalang din ang pagkilala sa karapatan ng mamimili ayon sa salawikaing “Maaaring di magkatulad ang gusto mo at ang gusto ng mamimili subalit hanggat hindi mo ibinibigay ang kanilang gusto, Hindi mo makukuha ang nais mo”.

Malaki ang pagpapahalaga ng mga Tiruray sa buhay pamilya at pagbibigay respeto sa bawat kasapi nito maging sa kanilang kapwa.

Ang pagbibigay halaga sa pakikipagkaibigan ay nasasalamin din sa mga salawikaing Tiruray katulad ng “Iwasang makipagkaibigan, Sa masamang barkada” na nagbibigay payo sa mga kabataang kailangang pumili ng kakaibiganin. Sinasabi na hindi matatawaran ang tunay na pagkakaibigan sapagkat ika nga “Ang tunay na kaibigan, Masusukat sa panahon ng kagipitan” at “Anong kabutihan ang maidudulot ng kayamanan kung wala kang kaibigan”. Maiuugnay din ito sa mga salawikaing “Kung makipagkaibigan, Huwag salapi ang titingnan” at “Napakaraming uwak sa ngayon, Ngunit nang panahon na ang kaingin ay bago pa lamang nasunog, Wala akong makita ni isa mang uwak”. Ang huling dalawang salawikaing nabanggit ayon sa mga impormanteng Tiruray na nakausap ng mananaliksik ay nagpapaalaala na marami kang kaibigan o kamag-anak kung panahon ng tag-ani pero kapag panahon ng taniman sila’y hindi nagpapakita.

Ayon kay Trecero [13] sa kanyang aklat na *Tiruray Life and Stories* inilarawan niya na ang mga Tiruray bilang isang komunidad ay may mga gawaing kultural na nagpapakita ng kanilang natatanging kultura bilang isang pangkat-etniko gaya ng mga nabanggit sa sinuring mga salawikaing Tiruray.

RESULTA NG PAG-AARAL

May tatlong salawikaing Tiruray ang nalikom, isinalin sa wikang Filipino at sinuri.

Ang mga balyung nakapaloob sa sinuring mga salawikain ng mga Tiruray ay ang mga sumusunod: balyung **Ekonomiko** na nauugnay sa pagtitipid at paghahanda para sa mga pangangailangansa susunod na mga araw; **balyung Sosyal** na kinabibilangan ng pagkakaisa, kooperasyon, pagtutulungan at pagpapahalaga sa kapayapaan; at balyung **Moralo Pantao** na may kaugnayan sa pagpapahalaga sa paggalang lalung-lalo na sa mga magulang, paninindigan, lakas ng loob o katapangan, pagtitiyaga, paggalang sa karapatan ng kapwa, pakikiramay o pagmamalasakit sa kapwa o kapamilya at pagbibigay halaga sa pagkakaibigan.

KONKLUSYON

Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang mga salawikaing Tiruray ay nagtataglay ng mga balyung

likas sa kanilang tribu na siyang nagpapakilala sa kanilang identidad bilang isang natatanging pangkat-etniko na naninirahan sa bansa. Ang kanilang mga salawikain na nagtataglay ng kahulugan o mensahe tungkol sa kanilang kultura ay nagsisilbing gabay sa kanilang pakikitungo sa kapwa at sa pang-araw-araw nilang pamumuhay .

REFERENCES

- [1] Jocano, F. L. (1969). *Outline of Philippine Mythology*. Manila: Centro Escolar University
- [2] Lorenzo, C. S. (2005). *Ugat ng Panitikang Filipino*. National Bookstore, Mandaluyong City.
- [3] Arrogante, J. A., Dizon, E.M., Fregil, E.D., Maglaqui, E.T. (2004). *Panitikang Filipino (Antolohiya)*. Binagong Edisyon. National Bookstore, Mandaluyong City, Manila.
- [4] Kahayon, A. H., Limdico, M.P., Santiago, E.M. (1989). *Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad Pangkolehiyo*. National Bookstore, Inc.
- [5] Javier, P. J. (1976). *Makabagong Pananaw sa Wika at Panitik*. Rex Book Store
- [6] Schlegel, S. (1970). *Tiruray Justice*. University California Press.
- [7] Reyes, S. S. (1992). *Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan*. Anvil Publishing, Inc
- [8] Santiago, E. M., Kahayon, A.H., Limdico, M.P. (1989). *Panitikang Pilipino*. National Bookstore. Mandaluyong City, Manila.
- [9] Badayos, P.B. (1999). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika*. Mga Teorya, Simulain at Istratehiya. Grandwater Publications and Research Corporation.
- [10] Andres, R. (1985). *Management by Filipino Values. A Sequel to Understanding Filipino Values*. Quezon City: Philippines New Day.
- [11] Timbreza, F. T. (2003). *Filipino Values Today*. National Bookstore, Mandaluyong City Manila.
- [12] Eugenio, D.L. (1967). *Philippine Proverb Lore*. University of the Philippines, Quezon City.
- [13] Trecero, F.C. (1972). *Tiruray Life and Stories*. Philippines: Mission Publishing Company.

Copyrights

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>)